

MAKAKATULONG SA IYO ANG BATAS NG CALIFORNIA

Kung ikaw ay isang nangungupahan o isang miyembro ng sambahayan at ikaw ay isang biktima ng karahasan sa tahanan, seksuwal na pagsalakay, lihim na pagsusubaybay, pagtatrapiko ng tao, pang-aabuso sa matanda o pang-aabuso sa umaasang nasa hustong gulang at nais mong iwanan ang ari-arian dahil sa hindi ka nakadarama na ligtas doon, ang batas sa California ay makatutulong sa iyo.

*Ang isang miyembro ng sambahayan ay sinuman sa pamilya ng nangungupahan na nakatira sa iisang tahanan na kasama ng nangungupahan. Kaya kahit na hindi ikaw, ang nangungupahan, at hindi ka ang biktima, maaari mo pa ring wakasan nang maaga ang pag-upa.

HERA

Mga tagapagtaguyod ng mga karapatang pang-ekonomiya at pabahay ng HERA

Makipag-ugnayan

sa amin:

(510) 271-8443 Ext. 300

inquiries@heraca.org

www.heraca.org

P.O. Box 29435

Oakland, CA 94604



Ang proyektong ito ay naging posible dahil sa isang kaloob mula sa Komisyon ng California sa Estado ng Mga Babae at mga Batang Babae (California Commission on the Status of Women and Girls).

Ikaw ba ay isang nangungupahan na naging biktima ng karahasan sa pamilya, seksuwal na pagsalakay, lihim na pagsusubaybay, pagtatrapiko ng tao, pang-aabuso ng nakatatanda, o pang-aabuso ng umaasang nasa hustong gulang?

Ang isang tao ba sa iyong tahanan ay biktima ng nabanggit sa itaas?


Kung oo, maaari mong sirain ang iyong pag-upa sa loob lamang ng 14 na araw na paunawa at walang parusa.

LEGAL NA PAGSIRA SA UPA

Upang legal na masira ang isang pag-upa nang walang parusa, dapat mong ipaalam sa kasero na:

- 1) ikaw o ang miyembro ng iyong sambahayan ay biktima at
- 2) na balak mong tapusin ang pag-upa

Ang paunawa sa iyong kasero ay dapat nakasulat, na ibinigay sa loob ng 180 araw pagkatapos mangyari ang krimen, at kasama ang:

- 1) isang kopya ng pansamantalang utos ng pagpigil (restraining order), pang-emerhensiyang utos na pamproteksyon (emergency protective order), o iba pang pamprotektang utos na nagpoprotekta sa iyo at/o sa kasambahay at O 

2) isang kopya ng ulat ng pulisya na nagpapakita na ikaw at/o ang miyembro ng sambahayan ay biktima ng isa sa 6 na mga krimeng nakalista sa itaas at (karahasan sa tahanan, seksuwal na pag-atake, lihim na pagsusubaybay, pagtatrapiko ng tao, pang-aabuso sa nakatatanda, o pang-aabuso sa umaasang nasa hustong gulang) O

3) isang nilagdaang dokumento mula sa isang kwalipikadong ikatlong partido na nagpapakita na ikaw at/o ang miyembro ng sambahayan ay kumukuha ng tulong para sa mga pisikal o pangkaisipang pinsala dahil sa karahasan sa tahanan, seksuwal na pag-atake, lihim na pagsusubaybay, pagtatrapiko ng tao, pang-aabuso sa nakatatanda, o pang-aabuso sa umaasang nasa hustong gulang O

4) Anumang iba pang anyo ng dokumentasyon na makatuwirang nagpapatunay na ang isa sa mga krimen na nakalista sa #3 ay nangyari.

* Ang isang kuwalipikadong ikatlong partido ay nangangahulugan na isang manggagamot, katulad ng isang rehistradong nars, saykayatrista, o sikologo. Isang lisensiyadong manggagawang panlipunan (social worker) at terapist ng kasal at pamilya at mga kuwalipikado rin na ikatlong partido. Mahalaga rin ang mga tagapagpayo sa karahasan sa tahanan at sa seksuwal na pagsalakay.

IBA PANG MAHALAGANG IMPORMASYON

Kailangan mo pa ring magbayad ng upa para sa loob ng 14 na araw ng kalendaryo pagkatapos ibigay ang abiso sa iyong kasero (o mas kaunting araw kung gayon ang sinasabi ng kasunduan sa pag-upa o pagpapaupa sa iyo).

Pagkatapos ng mga hakbang na ito, maaari kang palayain mula sa mga upa nang walang parusa.

Ang isang kasero ay hindi maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa krimen maliban kung ikaw at/o ang miyembro ng sambahayan ay nagbigay ng nakasulat na pahintulot, ipinag-utos ng hukuman sa kasero na ibahagi ang impormasyon, o ang kasero ay hinihilingang ibahagi ang impormasyon ng batas.